


Binuksan ni Dan ang munting aklat at ito ang nabasa niya.

© 1992 Tia Linda Ministries
Printed by Foursquare Missions Press
Tia Linda — Tagalog




## Mahal ka ng Diyos!

**Ang Diyos ang lumikha sa iyo.**

Alam Niya ang pangalan mo, kailan ka isinilang, saan ka nakatira, ang lahat tungkol sa iyo.

**Espesyal ang pagmamahal sa iyo ng Diyos!**




**Isono sethu siyasohlula kuThixo.**

Lahat tayo'y nagkasala. Ang Diyos lamang ang makakapagpatawad sa atin at ang magbibigay sa atin na karapatang maging kasama ng Kanyang pamilya. Sa tulong Niya makakatanggi tayo sa kasalanan.

RODMI © CORDERO -

## Si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, ay namatay para sa iyo.





**Siya'y muling nabuhay.**

**Ipinadala rito ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus upang pagbayaran ang parusa sa iyong mga kasalanan. Kapag sumampalataya ka kay Jesus at inamin mo ang iyong mga kasalanan, patatawarin ka Niya at bibigyan ka Niya ng bagong buhay bilang kasama ng Kanyang pamilya.** Juan 1:12

## Kung nais mong tanggapin si JESUS na Tagapagligtas, gawin mo ang 3 ito:

1. Sabihin mo sa Diyos nang buong puso na naniniwala ka na si Jesus ay Kanyang Anak. Sabihin mo sa Kanya na naniniwala ka na si Jesus ay namatay at nabuhay uli para sa iyo. Roma 10:9,10
2. Aminin mo na nagkasala ka at sinuway mo Siya. Hilingin mo na patawarin ng Diyos ang mga kasalanan mo. 1 Juan 1:9
3. Hilingin mo kay Jesus na maging Tagapagligtas at Hari Siya ng buhay mo. Hilingin mo na tulungan ka Niya na masunod mo ang Biblia at makapamuhay ka para sa kanya ng buong buhay mo. Colosas 2:6




**Buong pusong mahalin ang Diyos.**




Kilalanin pa ang Diyos.
Basahin ang Biblia • Kausapin ang Diyos araw-araw.



**Kung gusto mong maging Tagapagligtas si Jesus, kausapin mo ngayon ang Diyos. Sabihin mo ang panalanging nakasulat dito. Maririnig ka ng Dios at sasagutin ka Niya.?**

Mahal Kong Diyos,

Salamat po sa pagmamahal Mo sa akin. Naniniwala po ako na si Jesu-Cristo ay Iyong Anak. Naniniwala po ako na tinanggap Niya ang parusa sa aking mga kasalanan nang namatay Siya sa krus at nabuhay Siya uli.

Inaamin ko po na ako'y nagkasala at nakagawa ng mga mali. Sinuway Kita. Patawarin Mo po ako. Alisin Mo po ang sala at kahihiyan ko. Bigyan Mo po ako ng kakayahang sumunod sa Iyo at tumanggi sa mali.

Panginoong Jesus, hinihiling ko po na maging Tagapagligtas at Hari Kayo ng aking buhay. Susunod po ako sa Inyo. Tulungan N'yo po akong sundin Kayo at matutong mamuhay para sa Inyo. Hinihiling ko po na maging kasama ako ng Inyong pamilya. Kayo po ang aking Diyos. Sinasamba ko Kayo. Mahal ko Kayo.

Ang Inyong anak ______________________________
(Pangalan at Pirma)

Petsa____________